
**PANDAIGDIGANG ARAW LABAN SA PANGANGALAKAL NG TAO**

# NEWSLETTER

INIHARAP NG: THE MODERN SLAVERY AND LABOUR EXPLOITATION ADVISORY GROUP



## NAKIKITA NAMIN MULA SA AMING KINATATAYUAN

HULYO 2021

MAGKASAMANG NAGTUTULUNGAN UPANG HARAPIN ANG MAKABAGONG PANG-AALIPIN AT PAGSASAMANTALA SA MANGGAGAWA SA LOOB NG AOTEAROA NEW ZEALAND

**WORLD DAY AGAINST TRAFFICKING IN PERSONS 30 JULY**

# TEMA 2021: "ANG TINIG NG MGA BIKTIMA ANG NAMUMUNO SA DAAN"

ANG TEMA SA TAON NA ITO AY NAGLALAGAY SA MGA BIKTIMA NG HUMAN TRAFFICKING (PANGANGALAKAL NG TAO) SA SENTRO NG KAMPANYA AT BIBIGYANG-DIIN ANG KAHALAGAHAN NG PAKIKINIG AT PAGKATUTO MULA SA MGA NAKALIGTAS (SURVIVOR) SA HUMAN TRAFFICKING.

Inilalarawan ng kampanya ang mga nakaligtas bilang mga pangunahing aktor sa paglaban sa human trafficking at tumutuon sa mahalagang papel na kanilang ginagampanan sa pagtatatag ng epektibong mga hakbang upang hadlangan ang krimeng ito, kilalanin at iligtas ang mga biktima at suportahan sila sa kanilang landas patungo sa rehabilitasyon.

Maraming mga biktima ng human trafficking ang nakaranas ng kawalan ng kaalaman o di-pagkaunawa sa pagtatangka nilang humingi ng tulong. Nagkaroon sila ng mga ma-traumang karanasan matapos silang mailigtas sa panahon ng mga interbyu sa pagkilala at mga ligal na paglilitis. Ang ilan ay nakaranas ng muling pagkabiktima at parusa para sa mga krimen na nagawa nila dahil sa pamumuwersa ng kanilang mga trafficker. Ang iba naman ay nakaranas mabatikan ang kanilang karangalan o tumanggap ng di-sapat na suporta.

Ang pagkatuto mula sa mga karanasan ng mga biktima at gawing tunay na aksyon ang kanilang mga mungkahi ay hahantong sa isang pamamaraang mas naka-sentro sa biktima at epektibo sa paglaban sa human trafficking.

**Hashtag**


Paki-gamit ang hashtag #EndHumanTrafficking sa lahat ng mga plataporming digital.

## NAIS MO BANG MAKIPAG-UGNAY SA ADVISORY GROUP?

**Masisiyahan kaming makarinig mula sa iyo, mangyaring kontakin si:**

**Rev. Chris Frazer,**
**Anglican Diocese ng Wellington**

**Email: chrisf@anglicanmovement.nz**
**Telepono: 027 442 5065**



EDITORYAL

# PAGTUTULUNGAN: MADALING SABIHIN, LALONG MAS MAHIRAP GAWIN

ANDREW WALLIS, OBE, CEO NG UNSEEN

May isang madalas gamiting salita kapag may mga talakayan kung paano natin epektibong mahaharap ang makabagong pang-aalipin at pangangalakal ng tao (human trafficking). Ang salitang ito ay pagtutulungan. Ito ay madaling sabihin, ngunit lalong mas mahirap at kakaibang katotohanan kapag tayo ay nagsisikap makipagtulungan. Ang kahulugan sa diksyunaryo – magkasamang pagtatrabaho sa isang gawain, lalo na upang gumawa o lumikha ng isang bagay - ay isang bagay na lahat tayo ay nagnanasang makisali, upang wakasan ang kasamaan ng makabagong pang-aalipin. Siyempre, lahat tayo ay nagnanasa ng isang mundo na walang pang-aalipin at pagsasamantala at sa pagkakaroon ng ugnayan sa paksang ito sa halos labinlimang taon, ito ay isang tamang-tamang pagkakataon upang tumigil, magmuni-muni at pag-isipan ang mga natutunang mga aral upang tayo ay makakamit ng higit pa sa susunod pang labinlima.

Ang human trafficking at pagsasamantala ay umaapekto sa bawat bansa, sa bawat bahagi ng lipunan. Ito ay humahamon sa katayuang sosyo-ekonomiko, paniniwala, antas ng edukasyon at nasyonalidad pagdating sa mga biktima, at ito ay nangangailangan ng pagtugon ng buong lipunan. Ibig sabihin, walang isang sektor na maaaring makapagbigay ng solusyon nang sarili lamang nito at, kaya, kailangan nating makinig, matuto mula sa isa't isa, at magtulungan nang may kababaang-loob at pagnanasang pabutihin ang ating pinagsamang paggawa. Mahalaga ang pagtutok sa malaking hamon at pati rin ang malaking pagsuporta. Kailangan nating kilalanin na kaunting oras na lamang ang natitira – kulang sa siyam na taon upang maabot ang ambisyong Sustainable Development Goal 8.7 (Layuning 8.7 na Likas-kayang Pag-unlad) – ang pag-aalis ng makabagong pang-aalipin.

Makalipas ang labinlimang taon, nakikita ko ang unang nakahihikayat na tila-binhing mga palatandaan ng pagiging handa na makipagtulungan at pag-isipan nang maistratehiya ang mga problemang ating kinakaharap. Sa nakaraan, nagkaroon ng maliit na ambisyon o pagkilala ng pangangailangang pagsamahin ang lahat ng mga pangunahing tagaganap bilang patas na mga stakeholder (interesadong partido). Hindi ito maaaring nag-iisang laban ng alinmang pamahalaan, ngunit dapat matutunan ng mga pamahalaan na makipagtulungan nang mahusay sa isa't isa. Ang negosyo, media, mga awtoridad ayon sa batas, nagpapatupad ng batas, mga komunidad ng pananampalataya, mga tagapagpondo, ang mga may karanasan at mga NGO, pati na rin ang mga pamahalaan, ay dapat magsimulang magtulungan nang mahusay. Bawat stakeholder ay may tiyak na mga tungkulin at dapat tigilan ang paggampan nang hiwalay sa isa't isa. Ang ilan sa mga dahilan para dito ay nasa nakalipas ngunit ang oras ng sisihan at di-pagtitiwalaan ay tapos na. Ngayon na ang oras para sa wasto at magalang na pakikinig at pagkatuto mula sa isa'isa. Kung hindi tayo magsasama-sama, buwagin ang mga hadlang na naghihiwalay sa atin at magbigay-tuon sa ating pinagsamang pagsisikap, hindi natin tatalunin ang makabagong pang-aalipin.







Kinakailangan ang sabay-sabay na pagtugon sa mga antas na pang-kabuuan at pang-maliitan, ng indibidwal at pang-sistema. Dapat tayong kumilos nang sabay-sabay upang mahadlangan, pati na rin ang mausig at maprotektahan at lubusang maisamang muli ang mga nakaligtas. Kailangang tiyakin ng negosyo na malinaw ang kanilang mga hanay ng tagasuplay at mga kagawian sa negosyo at walang pang-aalipin, ngunit dapat mamuno ang mga pamahalaan. Ang California, kadalasan ay nangunguna sa pag-unlad at pag-iisip na sosyo-pulitiko, ay nagsabatas at nagpanukala ng Transparency in Supply Chains Act, na sinundan ng UK, Australya at Canada at iba pa na nagsasagawa ng mga draft (burador). Ang iba pa sa Europe ay gumawa ng mas higit pa sa pamamagitan ng sapilitang may pag-iingat na pagsusumbong.

Dapat bumuo ang mga NGO ng mas matalinong huwaran ng pakikipag-ugnayan sa negosyo, pagpapatupad ng batas at pamahalaan na di-gaanong sumasalungat. Dapat magbigay ng pamumunong pampulitika ang mga pamahalaan ngunit dapat alamin ang kanilang mga limitasyon at maging bukas sa inobasyon at pamumuno sa labas ng nakapaligid sa kanilang mga pader ng pribilehiyo. May umiiral na malalim na kaalaman at mga solusyon sa kabila ng nasasaklawan ng kaalaman ng kani-kanilang mga lingkod-bayan at mga pulitiko.

Dapat lampasan ng media ang pagnanasa para sa isa pang kagila-gilalas na kaso at gamitin ang impluwensya nito upang turuan at baguhin ang mga pagkaunawa tungkol sa mga katotohanan ng makabagong pang-aalipin at paano nito nasisira ang ating lipunan. Nakasisindak ang katotohanan na hindi magkakaroon ng makabagong pang-aalipin kung walang pangangailangan para dito, ngunit ang mga lipunan at mga indibidwal ang nagtutulak ng kalakalan na ito, at bilang resulta nito, mga tao ang ginagawang kalakal. Dapat nating harapin at putulin ang ating pagkagumon sa murang manggagawa, mga kalakal at mga serbisyo.

Makakaya nating alisin ang makabagong pang-aalipin sa buong mundo. Ngunit, mayroon ba tayong imahinasyon, ambisyon, koordinasyon at pinakamahalaga, ang pamunuan upang isagawa ito? Ang mga ugnayan ng palihim na mga merkado ng dinisenyong mga damit, tao, droga, armas, at nanganganib na mga nilikha (endangered species), ay nagpapakita na ang iba't ibang labag sa batas na mga merkado ay bumubuo ng isang nagkaisang di-pangkaraniwang bagay na lumalago nang napakabilis. Sa tulong ng globalisasyon at mga pagsulong sa teknolohiya, ang pandaigdigang palihim na merkado (black market) ay kumikilos nang mas mabilis, umiiwas sa mga opisyal nang mas madali, at kumikita nang mas higit pa sa dati. Kaya dapat tayong magtulungan upang ihinto ito.

Child Matters

EDUCATING TO PREVENT CHILD ABUSE



# ANG PAGKAKATAON NATING KUMILOS

JANE SEARLE, CEO, CHILD MATTERS

Kasalukuyang sinisikap na lutasin ng Aotearoa New Zealand kung paano natin matatalakay ang mga henerasyon ng pinsalang sanhi ng karahasan sa pamilya, karahasang sekswal, pang-aabuso ng bata, at pang-aabuso sa mga institusyon. Ang Royal Commission of Inquiry sa Nakaraang Pang-aabuso sa mga taong nasa Pangangalaga ng Estado at sa Pangangalaga ng mga Pangrelihiyong Institusyon, ang pampublikong debate tungkol sa Oranga Tamariki, at lumaking pagtuon sa mga online na pagkakasala ay inuulat araw-araw ng media.

Kadalasan, ang pagbabalita ng media ang nakapagpapasyang dahilan kung paano inuunawa ng publiko ang isang isyu. Gaya ng pagpapatotoo ng mga organisasyon na tumutulong sa mga biktima ng karahasan, kung ang mga sirkumstansya ng isang kaso na inuulat ay nakakabalisa, maaaring hindi na makipag-ugnayan sa isyu, dahil sa kasalimuutan at kalakihan ng problema. Hinaharap ng isyu ng Human Trafficking ang kaparehong proseso na ito, dahil ang pagsasamantala ng mga tao na may mahihinang kalooban ay tiyak na nagpapakita ng pinakamasamang katangian ng tao. Ang konsepto ng pag-aalis ng sariling pagpapasya at mga karapatan ng isang tao para lang sa pakinabang (kadalasan ay pinansyal) ng iba, ay isang konsepto na nahihirapang maunawaan ng maraming mga taga-New Zealand.

Katulad din ng madalas na hindi pagkaunawa ng karahasan sa pamilya, karahasang sekswal at pang-aabuso sa bata, ang isyu ng human trafficking ay nagdudulot din ng katulad na maling pagkaunawa. Ang kapangyarihan at kontrol na ginagamit upang mang-abuso ng libu-libong mga taga-New Zealand sa kanilang tahanan ay may pagkakatulad sa kapangyarihan at kontrol na ginagamit sa pangangalakal ng mga tao. Ang pananakot at grooming (paghahanda) na ginagamit upang manghikayat, na madalas ay inaakalang pagsunod, ay isa ring katulad na proseso at ang mga kahihinatnan ay matindi ring nakakatigatig at may malawak na epekto.

Ang pagdedebate kung paano malalabanan ang pinsala sa pamilya, karahasang sekswal at pang-aabuso sa bata ay dapat ding kabilangan ng talakayan kung paano nauugnay ang human trafficking sa mga isyung panlipunang ganito. Ang pagsasanay ng mga ahensya ng Pamahalaan at mga organisasyong pangkomunidad ay kailangang kabilangan ng pagsasanay tungkol sa human trafficking bilang bahagi ng pagbuo ng kakayahang iyon. Ang mga kontrata ng pamahalaan sa mga organisasyong pangkomunidad ay kailangang magpahintulot na isali ang tulong na nagawa sa mga biktima ng trafficking sa paghahatid ng kontrata, sa halip na ang mga organisasyon ang gagawa ng trabahong ito nang ad hoc at walang pondo, na madalas na nangyayari.

Sa talakayang iyon, dapat tayong mag-ingat na hindi mawala ang pokus sa mga bata at kabataan na mga biktima rin ng mga pagkakasalang ito. Gaya ng lahat ng mga isyung panlipunan, maliban kung sadya tayong magpopokus sa mga bata at kabataan, patatahimikin ng debate ang kanilang mga tinig.

Ang Human Trafficking ay halimbawa ng isang tagong pagkakasala, palihim at nakasalalay sa pananakot at pagsasamantala sa kahinaang-loob ng mga biktima nito. Mangangailangan ng sinadya at nakaplanong mga gawain sa antas ng pamahalaan at lipunan upang matiyak na malalabanan natin ang isyu na narito sa Aotearoa. Sa trabahong kasalukuyang isinasagawa upang bumuo ng mas mahusay na mga sistema sa Aotearoa upang malabanan ang pinsala sa pamilya, karahasang sekswal, at pang-aabuso sa bata, mayroon tayong pagkakataon na isali sa mga talakayan ang isyu ng human trafficking, at sa gayon ay makabuo ng isang tugon na mas magkakaugnay at may koordinasyon na gagana upang protektahan ang mga biktima.

*Ang Human Trafficking ay halimbawa ng isang tagong pagkakasala, palihim at nakasalalay sa pananakot at pagsasamantala sa kahinaang-loob ng mga biktima nito.*

# MATUTO MULA SA MGA BIKTIMA

DR CHRISTINA STRINGER,
SENTRO NG PANANALIKSIK TUNGKOL SA MAKABAGONG PANG-AALIPIN SA UNIVERSITY OF AUCKLAND BUSINESS SCHOOL

ANG MGA PANSAMANTALANG MIGRANTENG MANGGAGAWA AY NAGSASAKRIPISYO NANG MALAKI UPANG MAKARATING SA NEW ZEALAND. ANG ILAN AY PUMARITO UPANG MAG-ARAL O MAGTRABAHO NANG PANANDALIAN; ANG IBA AY UMAASANG MAKAKUHA SA MALAUNAN NG PERMANENTENG PANINIRAHAN. MARAMI ANG NAGKAUTANG AT MAY DAPAT MATUGUNANG MGA OBLIGASYON SA PAMILYA.

Sa kasamaang-palad, para sa ilang pansamantalang migranteng manggagawa, ang kanilang karanasan ay taliwas sa kanilang pinangarap. Sa sandaling nasa New Zealand na, sila ay nagiging mahina laban sa pagsasamantala. Ang mga kahirapan sa paghanap ng trabaho, mga utang, o pagkatali sa isang visa na inisponsoran ng tagapag-empleyo ay maaaring magpahina sa kanila. Ang ilang mga tagapag-empleyo ay kumikilala at nagsasamantala sa kanilang kahinaan. Kinokontrol nila ang mga migrante sa iba't ibang paraan, kabilang ang mga bantang pagsusumbong sa kanila sa Immigration New Zealand, hindi pagbabayad ng sahod o pagbabayad ng kulang na sahod, at, sa ilang labis-labis na paraan, pang-aabusong pisikal at sekswal.

Ang labis na mga oras na kailangang laging trabahuhin ng marami, sinamahan pa ng emosyonal na stress na kanilang nadarama, ay maaaring makaapekto sa kalusugan at kaligtasan. Marami ang napapagod, matinding natitigatig at nalulumbay.

Anuman ang kanilang trauma at sakit, ang ilan ay nakatuong pabutihin ang landas para sa mga migranteng darating sa hinaharap. Sa aking pananaliksik sa nakaraang dekada, nakarinig ako ng lubos na nakababalisang mga kuwento mula sa mga tao na aking kinapanayam. Prangkahan nilang ibinahagi ang tungkol sa pagsasamantala sa kanila, hindi dahil makikinabang sila sa pagsasabi nito, kundi dahil sa pag-asang ang sistema ay mababago at ang posibleng mga migrante ay hindi daranas ng katulad ng naranasan nila.

Ang pakikinig sa mga biktima ay humantong din sa matagumpay na pag-uusig ng Ministri ng Pangunahing mga Industriya (MPI) sa labag sa batas na pagtatambak ng isda laban sa mga opisyal ng apat na sasakyang-dagat mula sa South Korea na nangingisda sa mga katubigan ng New Zealand. Noong 2011, ang mga tripulanteng Indonesyan mula sa isa sa mga sasakyang-dagat na ito ay pinauwi. Hindi pa sila nababayaran ng kompanya ng pangingisda, at ang kanilang mga opisyal mula sa South Korea ay nang-abuso nang pisikal sa ilan sa kanila. Habang naghihintay silang sumakay sa eroplano, nilapitan ng isang opisyal ng MPI ang ilan sa mga tripulante. Tinanong niya kung sila ay handang manatili sa New Zealand upang tulungan ang MPI sa pag-uusig ng mga opisyal na taga-South Korea para sa labag sa batas na mga gawi sa pangingisda. Naalala ng isa, 'May nararamdaman akong pananagutan sa pamahalaan ng New Zealand at ako ay umoo ... handa akong tumulong sa Pamahalaan ng New Zealand'. Sa kabila nito, walang mga kasong isinampa laban sa mga opisyal para sa pang-aabusong dinanas ng mga tripulante.

Marami tayong maaaring matutunan mula sa mga biktima. Maaari silang magbigay ng malalim na pagkaunawa sa mga pattern ng pagsasamantala, mga huwaran ng negosyo na ginagamit ng mga nagsasamantala, mga pattern ng pangingikil at ang mga network na pinapatakbo sa espasyong ito.

Ang New Zealand ay nagkaroon na ng dalawang matagumpay na pag-uusig sa human trafficking. Ang unang kaso ay nabigyang-pansin ng mga awtoridad dahil ang isa sa mga biktima ay nagkuwento tungkol sa kanyang karanasan sa ibang tao sa simbahan.

**Mahalaga ang mga tinig ng mga biktima.**



merf
migrant exploitation relief foundation

# BAGONG SUPORTA PARA SA MGA MIGRANTE SA NEW ZEALAND

STEVE SYMON, TAGAPANGULO

ANG PAGSASAMANTALA AY LUMALAKING KATOTOHANAN PARA SA MGA MIGRANTENG DUMATING SA NEW ZEALAND NA NAG-AASAM NG MAS MABUTING BUHAY. ANG MALUNGKOT NA KATOTOHANANG ITO ANG NAGTULAK UPANG MAITATAG ANG MIGRANT EXPLOITATION RELIEF FOUNDATION (MERF).

Opisyal na inilunsad noong Hunyo sa isang pagtitipon na pinamunuan ng Ministro ng Imigrasyon, Kgg. Kris Faafoi, ang Foundation ay gumawa ng unang mga hakbang upang wakasan ang siklo ng pagsasamantala.

Ang New Zealand ay umaasa sa mga migranteng manggagawa, at bilang mga bisita sa bansang ito, dapat silang pagkalooban ng mga proteksyon at mga benepisyo gaya ng lahat ng mga empleyado. Gayunpaman, sa iba't ibang mga kadahilanan, hindi ito ang nagiging sitwasyon. Maging sa pagkakahiwalay sa sariling kultura, wika, kahirapan o maging sa mga tuntunin sa pagtatrabaho, may lumalalang kawalan ng pag-asa na matatakasan pa ng mga migrante ang kanilang sitwasyon.

Ang konsepto ng MERF ay unang binuo ni Cameron Bower makaraang makipagtulungan sa mga biktima bilang isang taga-imbestiga ng Immigration New Zealand. Sa pagsasama-sama ng mga indibidwal na magkakapareho ng pag-iisip, natukoy ng Foundation kung ano ang pagkukulang sa ngayon para sa mga biktima ng pagsasamantala. At ang kailangang gawin ay lumikha ng masaklaw na solusyon.

Nagbibigay ang MERF ng kailangang edukasyon at kaalaman para sa mga migrante, tinitiyak na may malinaw na landas na tatahakin upang matakasan ang pagsasamantala at matiyak na hindi na sila kailanman malalagay sa kaparehong sitwasyon.

Higit pa rito, malakas ang udyok na panagutin ang mga mapagsamantalang tagapag-empleyo at pabutihin ang kamalayan sa sitwasyong umiiral upang makamit ang tunay na pagbabago. Ito ay isang prayoridad para sa Foundation upang matiyak na ang ganitong uri ng mga gawi ng negosyo ay hindi magiging katanggap-tanggap na pamantayan para sa negosyo sa New Zealand.





"Ang pagharap sa katotohanang ito ang unang hakbang," ayon sa Tagapangulo ng MERF na si Steve Symon, "kung wala ang serbisyong ito, ang mga migranteng manggagawa ay maiiwang nasa kagipitan. Ang aming karanasan ay nagpapakita na kadalasan ay hindi nila alam kung dapat nilang ibahagi ang kanilang karanasan at manganib na ma-deport o hayaan na lang magpatuloy ang pagmaltrato at pang-aabuso sa kanila."

Ang Foundation ay umaasa sa kawanggawa upang pondohan ang trabahong kinakailangang gawin. Kung mas marami ang makukuha, mas magiging mabisa ang MERF sa pagsira ng siklong ito. Ang mga korporasyon na nangangakong magpatupad ng mga pahayag sa polisiya tungkol sa panlipunang responsibilidad ng korporasyon ay maaaring sumuporta sa mahalagang gawaing ito. Ang karagdagang impormasyon ay makikita sa www.merf.co.nz.

Ang pagsasamantala at hindi etikal na mga gawi sa pagtatrabaho ay hindi lamang nakapipinsala sa mga buhay ng mga empleyado, ito rin ay nagpapahina sa mabubuting mga negosyo na nagsisikap makipagkumpitensya sa di-sumusunod na mga tagapag-empleyo.

*"Ang aming trabaho ay nangangahulugang mas mataas na mga istandard ng paggawa ang kakailanganin mula sa lahat upang ang matuwid na mga negosyo, na pinahihina ng kompetisyon, ay hindi mapipinsala".*

# GAWING AKSYON ANG KAMALAYAN

FATHER JEFF DRANE,
SEAFARERS WELFARE BOARD NEW ZEALAND

Narinig nating lahat noong Marso ang balita na may isang malaking sasakyang-dagat na may kargang mga container ang natigil nang isang linggo sa Suez Canal. Malaking drama ito na ibinalita ng media dahil nabarahan ang isang mahalagang daanan ng mga barko. Ngunit di-kalayuan ay may isa pang barko na napabayaan na sa nakalipas na apat na taon, kung saan nakatira sa Mohammed Aisha. Sa mga buwang nakalipas, siya ay lubusang nag-iisa. Ang bilang ng pinabayaang mga tripulante ay lumalaki, ayon sa LLoyd's List (isang pandaigdigang pahayagan ng pagbabarko), na nagsasadlak sa mga marinero sa mga delikadong sitwasyon.

Si Paul Adams ng BBC ay nakipag-ugnayan kay Mohammed nang ilang linggo, at nalaman ang tungkol sa kanyang buhay na nakabukod, na wala sa baybayin. Namumuhay siyang kasama ang mga daga; walang kuryente o sariwang tubig, at dapat siyang lumangoy patungo sa baybayin para sa pagkain at tubig at para magpuno ng karga ng kanyang telepono. May mahigit pang 250 mga kaso ng pinabayaang mga marinero noong nakaraang taon, ayon sa Lloyd's ng London.

Bagama't ito ang pinakamalubhang kaso, lahat tayo ay nakarinig na tungkol sa mga marinero sa loob ng katubigan ng New Zealand na hindi pa nakabababa ng barko simula nang mag-lockdown para sa COVID-19 noong Marso 2020. Hindi rin sila makakuha ng shore leave saanman. Bagama't pinakamahalaga ang kalusugan ng komunidad, may mabigat na isyu ng mga karapatang pantao dahil sa kalusugang pisikal at pangkaisipan. Ang kawalan ng pisikal na pakikipag-ugnayan sa pamilya o iba pa, pati ang kawalan ng oportunidad na makauwi, ay mabigat. Ito, gaya ng sinabi ni Mohammed Aisha, ay tulad ng lubos na bilangguang yari sa metal na walang paggalang mula sa mga kompanya ng pagbabarko, mga ahente ng pagbabarko, o mga pamahalaan na humahantong sa kawalan ng paggalang sa sarili at pagpapabaya.

Gayunpaman, ang pandaigdigang pandemya ay nagpakita ng bahagyang liwanag para sa mga serbisyo sa mga marinero sa bansang ito. Matapos lubos na masuportahan ng bukas-palad na mga organisasyong pangrelihiyon at mga makatao sa New Zealand sa nakaraang sandaang taon, ang Crown ngayon ay nagsisimulang tumanggap ng responsibilidad para sa kapakanan ng mga marinero nang mas mabuti, dahil sa pandemya at dahil sa paglagda sa Maritime Labour Convention noong 2016.

Ang Seafarers Welfare Board of New Zealand [SWBNZ] ay kinilala ng pamahalaan bilang opisyal na tagahatid ng mga serbisyo sa mga marinero simula pa noong ika-17 ng Disyembre 2017, at nito lamang nakaraang Setyembre ay hinilingan ito ng Pamahalaan na maging bahagi ng pagpapanatili ng kalusugan ng komunidad laban sa COVID-19. Sa pakikipagtulungan sa mga awtoridad ng daungan, mga maritime trade union at mga lokal na pamahalaan para sa mga marinero, nagpatuloy sila sa isang radikal na binagong paraan sa pandemyang COVID-19, upang balansehin ang mga karapatang pantao ng mga marinero na magkaroon ng shore leave para sa mga kailangang-kailangang kalakal at mga serbisyo. Ang Ministri ng Transportasyon ay nakapag-alok ng isang pagsubok na kontrata na pagpopondo sa SWBNZ, upang bayaran ang sahod ng isa man lamang na hinirang na bisitang barko kada daungan. Ang bisitang barko na ito ay kailangang mahahanap at masusuri tuwing dalawang linggo. Nakayanan ng pondo ang isang bisitang barko at sagutin ang gastusin sa pagbili ng mga kalakal at mga serbisyo para sa marinero hanggang sa maihatid at makuha. Sa huli, nasaklawan ng pondo ang mga bayarin sa pamamahala at pagsasanay sa paghahatid ng mga serbisyong ito.





Larawan ni Cameron Venti sa Unsplash



Magdamag, ang mga karapatan ng marinero ay nabalanse nang bahagya sa pagpapanatili ng kalusugan ng komunidad. Ang mga bisitang barko ay kailangang sanayin at bigyan ng wastong Personal Protective Equipment (Kagamitan sa Pansariling Proteksyon). Ang mga Awtoridad ng Daungan ay inatasan ng pamahalaan na makipagtulungang mabuti sa SWBNZ, isang ugnayan na laging mahirap dahil itinuturing ng Daungan ang sarili nila sa loob ng mga dekada bilang tanging tagapagbigay ng suporta sa mga barko upang suportahan ang mga ekonomiya ng mga rehiyon, at sa gayon ay wala silang responsibilidad para sa kapakanan ng mga banyagang marinero. Muli, ang New Zealand ay nanguna sa mundo sa mga isyu ng mga karapatang pantao at nagtakda ng isang halimbawa na pinag-iisipang kopyahin ng ibang mga pamahalaan.



EMBAHADA NG
UNITED STATES
OF AMERICA

# "MULA SA MGA SALITA HANGGANG AKSYON."

**MGA PANGUNGUSAP MULA SA U.S. MISSION SA NEW ZEALAND CHARGÉ D'AFFAIRES NA SI KEVIN COVERT SA TANGO I TE KAUPAE MURI/GAWIN ANG SUSUNOD NA HAKBANG NA KOMPERENSYA LABAN SA TRAFFICKING NOONG MARTES, MARSO 16, 2021**

Taun-taon, ipinagkakait ng mga trafficker sa halos 25 milyong tao ang kanilang batayang mga karapatan sa kalayaan, pinupuwersa silang mamuhay na alipin at nagtatrabaho para sa pakinabang at mga tubo ng kanilang mga tagapagsamantala. At araw-araw, marami sa inyo ang lumalaban upang baguhin ito Kinikilala namin ang gawaing iyon, at narito tayong lahat ngayon upang tulungang ipagpatuloy ang labang ito. Ang tema ng komperensya ngayon, "Paggawa ng Susunod na Hakbang" (Taking the Next Step), ay umuulit sa aking mga talakayan kasama ang marami sa inyo, kung kailan narinig ko ang karaniwang koro na "Magaling ang mga salita, ngunit kailangan natin ng aksyon." Lahat ng mga pamahalaan, kabilang ang sa akin, ay dapat gawin ang susunod na hakbang – mula sa mga salita patungo sa aksyon. Dapat tayong magtrabaho nang mas mabuti upang paramihin ang mga pag-uusig ng mga human trafficker, upang palawakin ang ating mga pagsisikap na kilalanin at pangalagaan ang mga biktima ng trafficking, at upang tiyaking ang mga biktima ay hindi paparusahan para sa mga krimen na nagawa nila sa pamimilit ng mga trafficker.

Ikinararangal ko na, sa paglikha ng taunang Ulat sa Trafficking in Persons – o "TIP" – 21 taon na ang nakalilipas, ang Kongreso ng Estados Unidos ay pandaigdigang namuno upang kumilos laban sa nakakamuhing krimeng ito. Sa loob ng dalawampung taon, ang pandaigdigang pamantayang ulat ay nagpakita ng nagtatagal na paniniwala ng Estados Unidos na ang human trafficking ay isang pandaigdigang banta, na nangangailangan ng isang pandaigdigang tugon.

Walang perpektong bansa – hindi ang Estados Unidos, hindi ang New Zealand – ngunit ang Ulat ng TIP ay nagbibigay-armas sa ating mga pamahalaan ng tunay na mga datos na kailangan nila upang padalasin ang mga pagsisiyasat, pag-uusig, at paghahatol ng mga trafficker, at upang makapagbigay ng pinaka-angkop na proteksyon para sa mga biktima ng trafficking. Ngayon higit pa sa dati, napalaki ng pandemyang COVID-19 ang pangangailangan para sa ating lahat – mga internasyonal na katuwang, mga pamahalaan, mga komunidad ng pananampalataya, mga NGO, mga pinuno ng negosyo – na magkakasamang magtulungan sa laban na ito. Pinalala ng COVID ang kawalang-tatag ng ekonomiya at kakulangan ng pag-access sa mahalagang mga serbisyo, at ang bilang ng mga tao na may kahinaan laban sa pagsasamantala ng mga trafficker sa buong mundo ay labis na dumami.






Kapag namuno ang mga pamahalaan, talagang mababago nila ang mga bagay-bagay. Kamakailan, ang mga imbestigador ng trafficking at mga taga-usig ay nagbahaginan ng pinakamahusay na gawi at mga pag-aaralang kaso sa loob ng dalawang araw na webinar. Ang pagpapalitan ng virtual na impormasyon ng nakatataas na mga opisyal ng Kagawaran ng Hustisya ng U.S. at ng Pang-Operasyong Grupo ng Trafficking-in-Person ng pamahalaan ng New Zealand ay sumaklaw sa mga paksa na kapwa nila pinagtutuunan – mula sa lumalabas na pandaigdigang mga kalakaran (trends) sa pamamaraan ng pagpapatakbo ng mga trafficker; hanggang sa pag-iimbestiga na nakatuon sa biktima; hanggang sa kung paano makikipagtulungan sa iba't ibang mga pamantayan ng kultura. Sa kabila ng malalaking pagkakaiba sa mga profile ng pag-traffic at mga sistema ng batas sa ating dalawang bansa, ang mga hamon ng paglaban sa human trafficking ay nagpakita na mas marami ang ating pagkakapareho kaysa sa ating pagkakaiba.

Subali't ang mga pamahalaan ay nangangailangan ng tulong mula sa lipunan. Ang mga kaso ng TIP ay naghaharap ng mga partikular na hamon para sa mga ahensya na nagpapatupad ng batas, kung saan ang pokus ay karaniwang nasa panandaliang layunin ng "paglutas" ng krimen. Kinikilala nating lahat dito ang pangangailangan na maka-access ang mga biktima ng trafficking sa pangmatagalang mga serbisyo na tatalakay sa karaniwang mga isyu gaya ng nagpapatuloy na impluwensya ng mga trafficker sa kanilang mga biktima, at ang pangmatagalang mga pangangailangan sa kalusugang pisikal at pangkaisipan ng mga nakaligtas. Ito ang dahilan kung bakit ako ay partikular na nabuhayan ng loob na makita ang pamamaraang nakatuon sa biktima na inilarawan sa Plano ng Aksyon, na matagal na nating ninanais makita. Wala ni isa sa ating mga pamahalaan ang kampante tungkol sa pandaigdigang salot ng human trafficking. Gumagawa tayo ng progreso, ngunit alam natin na dapat tayong gumawa pa nang mas mabuti.

**At sa tulong ninyo, maaari tayong makagawa ng mas mabuti**



# "NAKIKITA NAMIN MULA SA AMING KINATATAYUAN"

REV. CHRIS FRAZER,
TAGAPANGULO NG MODERN SLAVERY AND LABOUR EXPLOITATION ADVISORY GROUP
ANG ANGLICAN DIOCESE NG WELLINGTON

*Bagama't ang paningin ay hindi lamang tungkol sa kakayahang makakita - ito ay tungkol din sa ating pinipiling tingnan, saan natin pipiliing magpakita, at paano tayo nagpapasyang tumugon.*

Noong 2000 ang World Bank ay nagsagawa ng isang napakabagong proyekto ng pananaliksik. Ang serye na may tatlong bahagi ay batay sa walang katulad na pagsisikap na mangalap ng mga kuru-kuro, mga karanasan at mga mithiin ng mahigit 60,000 mga kalalakihan at kababaihan na lubos na nagdarahop mula sa 60 mga bansa. Nagtungo sa mga bansang ito ang mga pangkat ng pananaliksik at nakinig sa mga tao sa mga lugar kung saan sila naninirahan at nagtatrabaho. Nagtipon sa mga grupo ng komunidad kasama ng mga mananaliksik, ang kanilang mga tinig ay pumatnubay at nagpabatid ng katotohanan ng kanilang buhay. Sa panimula ng ikalawang bahagi ng pananaliksik 'sumisigaw para sa pagbabago (crying out for change)', ginawang malinaw sa panahon ng pananaliksik ang punto na mayroong 2.8 milyong mga dalubhasa tungkol sa kahirapan. Sino ang mga dalubhasang ito? **Ang mga taong naninirahan sa katotohanan ng kahirapan.**

Gayunpaman, patuloy na ipinapakita nito na ang pag-unlad na diskurso tungkol sa kahirapan ay pinangingibabawan ng mga pananaw at kadalubhasaan ng mga tao na hindi mahirap - mga propesyonal, mga pulitiko, at mga ahensya. Gamit ang mga metodolohiyang bukas at mapangsali, naglayon ang pananaliksik na bigyan ng tinig at pamamaraan (agency) ang mga naapektuhan nang masama, upang maibahagi nila ang kanilang mga karanasan at mga kuru-kuro tungkol sa kahirapan, mga sanhi nito at kung paano ito mababawasan, sa kanilang palagay.

Sa isang kabanata na nagtuon sa mga elemento ng isang istratehiya para sa pagbabago, isinasaad nito, "Kapag ang mga interbensyon at paggampan ng pamahalaan ay ginawa mula sa mga pananaw at mga karanasan ng mga mahihirap na tao, ang kabuuang tulong sa pag-unlad ay nag-iiba. Ang hamon para sa mga nasa labas ay tingnan ang mundo sa pamamagitan ng mga mata at diwa ng mga mga taong mahihirap, magsimula sa kanilang mga katotohanan at pagkatapos ay subaybayan pataas at papalabas upang alamin at pagkatapos ay gumawa ng kinakailangang mga pagbabago upang umapekto sa buhay ng mga taong mahihirap."





Ang ika-30 ng Hulyo ay Pandaigdigang Araw Laban sa Pangangalakal ng Tao, at ang tema sa taong ito at ang layon ay bigyang-prayoridad at magtuon sa mga tao na mismong dumaranas ng malupit na katotohanan ng pagkabitag sa loob ng mga sitwasyon ng malalang pagsasamantala at trafficking.

Ang tema, **"Ang mga Tinig ng mga Biktima ang Namumuno sa Daan" (Victims' Voices Lead the Way)** ay naglalagay ng mga biktima ng human trafficking sa sentro ng kampanya at magbibigay-diin sa kahalagahan ng pakikinig at pagkatuto mula sa mga nakaligtas sa human trafficking. Inilalarawan ng kampanya ang mga nakaligtas bilang mga pangunahing aktor sa paglaban sa human trafficking at tumutuon sa mahalagang papel na kanilang ginagampanan sa pagtatatag ng epektibong mga hakbang upang hadlangan ang krimeng ito, kilalanin at iligtas ang mga biktima at suportahan sila sa kanilang landas patungo sa rehabilitasyon.

Maraming mga biktima ng human trafficking ang nakaranas ng kawalan ng kaalaman o di-pagkaunawa sa pagtatangka nilang humingi ng tulong. Nagkaroon sila ng mga nakakatigatig na karanasan matapos silang mailigtas sa panahon ng mga panayam sa pagkilala at mga ligal na paglilitis. Ang ilan ay nakaranas ng muling pagkabiktima at parusa para sa mga krimen na nagawa nila dahil sa pamumuwersa ng kanilang mga trafficker. Ang iba naman ay nakaranas mabatikan ang kanilang karangalan o tumanggap ng di-sapat na suporta.

Ang pagkatuto mula sa mga karanasan ng mga biktima at gawing tunay na aksyon ang kanilang mga mungkahi ay hahantong sa isang pamamaraang mas naka-sentro sa biktima at epektibo sa paglaban sa human trafficking.

Sa kasalukuyan ang diskurso tungkol sa trafficking ay napupuspos pa rin ng kalagayang 'magandang pakiramdam tungkol sa masamang pakiramdam', sa halip na magsikap tahakin ang mas mahirap at di-kaakit-akit na landas ng pagbaklas sa maraming masalimuot na mga isyu na lumalago nang walang sagabal sa ganitong kriminal na aktibidad.

Maraming mga artikulong nakasulat, sa pamamagitan ng news media o mga organisasyong nagmamalasakit, ay nakakiling sa mga halimbawa ng mga santo, mga may-sala, at mga tagapagligtas na ang diin ay tungkol sa mga paglusob at pagligtas, **ang mabuti laban sa masama.** Bagama't hindi binabale-wala ang mahalagang mga pagsisikap upang magligtas ng isang bata o isang nasa gulang na tao na bitag ng mapagsamantalang mga kondisyon, nangangailangan pa rin ng karagdagang trabaho upang alamin at harapin ang umaambag na mga salik na nagiging sanhi ng pagpapatuloy ng ganitong mga kriminal na aktibidad.

Ang dramatikong mga larawan na ginagamit upang itaguyod ang pinakabagong kampanya laban sa trafficking, o ang balitang kahindik-hindik, ay hindi nakakapigil sa krimen, sa katunayan ang ganitong mga madramang presentasyon ay may potensyal na maging sanhi ng mas maraming pinsala kaysa kabutihan.

Sa pagpapatuloy nating harapin, at isulong, ang tugon ng Aotearoa sa lahat ng anyo ng pangangalakal ng mga tao at pagsasamantala sa paggawa, kailangan nating gumawa ng hakbang upang makinig at matuto, upang palawakin ang ating mga pananaw.

**Magagawa ba natin ito? Sa mahusay na magkakasamang pagtutulungan, naniniwala akong kaya natin ito!**








# 34,000 MGA KIWI AT 110 MGA NEGOSYO ANG NANINDIGAN NA

**MICHELIA MILES,**

**TRADE AID DEVELOPMENT MANAGER.**

NOONG IKA-29 NG HUNYO, MAHIGIT 34,000 TAGA-NEW ZEALAND AT 110 MGA NEGOSYO SA NEW ZEALAND ANG NANINDIGAN NA. PINILI NILANG IMULAT ANG KANILANG MGA MATA AT TAINGA KUNG SAAN TAYO NAAAPEKTUHAN NANG HUSTO BILANG MGA TAGA-NEW ZEALAND SA PAGLAGANAP NG MAKABAGONG PANG-AALIPIN. PINILI NILANG MAGPAKITA AT TUMUGON SA PAMAMAGITAN NG PAGLAGDA SA ISANG PETISYON NA HUMIHILING NG PAGBABAGO, AT PINILI NG MGA NEGOSYO NA IDAGDAG ANG KANILANG MGA LOGO SA ISANG MAGKASAMANG LIHAM. INUDYUKAN NILA ANG PAMAHALAAN NA GUMAWA NG AKSYON LABAN SA MAKABAGONG PANG-AALIPIN SA PRODUKSYON, IPAALAM SA KANILA NA DAHIL WALANG MODERN SLAVERY ACT, TAYO AY NAHUHULI SA PINAKAMABIGAT NA ISYU NG ATING PANAHON TUNGKOL SA MGA KARAPATAN SA PAGGAWA.



Ang kampanyang Sign For Freedom ay nagmumulat sa kamalayan ng 25 milyong mga tao sa buong mundo na nasa sapilitang pagtatrabaho - nagbibigay ng mga kalakal o mga serbisyo na may kaunting pakinabang o walang pakinabang sa mga tagagawa. Dito naunawaan ng mga Kiwi na sila ay konektado sa kalagayan ng mga taong lubhang pinagsasamantalahan, at maaari at dapat nilang gamitin ang kanilang puwersa bilang mga konsyumer at mga mamamayan sa isang demokrasya.

Ang batas, na inuudyukan ng kampanya ang pamahalaan na ipasa, ay umiiral na, o ginagawan ng burador (draft), sa 18 mga bansa sa buong mundo. Ang petisyon na may 34,000 lagda ay patunay na alam ng mga taga-New Zealand kung ano ang kailangan nilang gawin upang makaagapay. Ipinapakita nito na ayaw ng mga konsyumer na bumili ng mga kalakal kung ang paggawa ng mga ito ay kinasasangkutan ng makabagong pang-aalipin. Ngunit, kung walang batas, walang obligasyon para sa ating mga negosyo na unawain kung saan nanggagaling ang kanilang mga produkto. Kung walang batas, ang ating nagiging lalong masalimuot na pandaigdigang hanay ng tagasuplay ay mananatiling malabo, na hindi makikita kung sino ang gumagawa ng produkto at sa anong mga kalagayan.

Ang 110 mga negosyo na lumagda sa magkasamang liham na humihiling na ipagpatuloy ng pamahalaan ang kinakailangang gawin para sa isang Modern Slavery Act ay tumutulong pamunuan ang pagkilos. Hindi mo madalas na marinig ang mga negosyo na nag-uudyok sa pamahalaan para sa karagdagang batas, subali't sa kasong ito, ito ay dahil alam nila na ang kalinawan (transparency) sa mga hanay ng tagasuplay ang kinabukasan ng negosyo.

Maliit at magkakaugnay ang mundo. Sa tuwing tayo ay bibili ng isang produkto, may sunud-sunod na reaksyon na nadarama sa buong mundo. Sa Trade Aid, hinahangad namin na ang epektong iyon ay kapaki-pakinabang, ngunit hindi lahat ng mga negosyo ay may pangunahing hangarin na ganito.

Ang kalinawan (transparency) ang unang hakbang upang alamin ang mga problema. Kung hindi nalalaman ang problema, hindi ito magagawang harapin, at ito nga ang nagiging isyu sa pandaigdigang kalakalan hanggang ngayon. Nakita ng ilang mga kompanya na ang kanilang mga responsibilidad ay nagtatapos sa sarili nilang mga hangganan. Binabago ng isang Pahayag tungkol sa Makabagong Pang-aalipin (Modern Slavery Statement) ang pokus sa panlupong antas sa pagkilala na ang isang negosyo ay may pananagutan sa kabuuan ng mga tagasuplay nito, na hinihingi ng pangangailangan (demand) para sa isang produkto ang pananagutan para sa mga kalagayan kung paano ginawa ang produkto.

Isang oportunidad na mayroon ang New Zealand, dahil sa huling paglahok nito, ay ang pag-unawa kung ano ang anyo ng epektibong batas. Nagbibigay ito sa atin ng pagkakataong bumuo ng batas na nangunguna sa mundo, na iniakma sa bukud-tanging kapaligiran ng negosyo sa New Zealand.

Naunawaan na ng mga konsyumer na dahil ang kalakalan ay pandaigdigan, ang ating mga inaasahan sa mga kalagayan kung saan ginawa ang bagay ay hindi dapat maging naiiba kaysa kung ginawa ito sa isang karatig-bayan. Hindi natin pahihintulutan ang pang-aalipin sa ating produksyon kung ito ay aapekto sa ating kapatid na lalaki, kapatid na babae, pinsan, o kapitbahay. Gayunpaman, 40 milyong mga tao sa buong mundo ang nasa makabagong pang-aalipin. Gumagawa sila ng ating mga damit, gumagawa ng ating asukal at mga materyales na pang-mina para sa ating electronics. Kaya ang mga taga-New Zealand ay nagsabing itigil na ito. Panahon na upang gawing kasaysayan ang pang-aalipin sa ating produkto.

**Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kampanya na umuudyok sa ating pamahalaan na magsabatas ng Modern Slavery Act, tingnan ito sa: [www.signforfreedom.nz](http://www.signforfreedom.nz)**

# HANAPIN ANG MGA TINIG NG MGA MANGGAGAWA UPANG WAKASAN ANG HUMAN TRAFFICKING

Ang paglabas ng *Plano ng Aksyon Laban sa Sapilitang Paggawa, Pangangalakal ng mga tao at Pang-aalipin* noong Marso 2021 ay isang mabuting paalala kung gaano kahuli ang Aotearoa sa pangangasiwa ng mga kasindak-sindak na mga aktibidad na ito. Isang ulat ng World Vision kamakailan ang nagbigay-diin na noong 2019, tinatayang $3.1 bilyon ng "mapanganib na kalakal" – ginawa sa ilalim ng mga kondisyong sapilitang paggawa o pagtatrabaho ng bata – ay inangkat sa Aotearoa at ibinenta sa mga konsyumer.

Sa loob ng maraming dekada, ang FIRST Union ay nagtatrabaho tungkol sa magkakaugnay na mga isyu ng pagsasamantala sa mga migranteng manggagawa at globalisasyon; ang pagpasok sa mga lugar sa paligid ng human trafficking at sapilitang pagtatrabaho ay natural lamang na pipiliin ng isang unyon na binubuo ng mga manggagawa sa mga industriya tulad ng retail, distribusyon at logistics. Isang malaking proporsyon ng mapanganib na mga kalakal na pumapasok sa Aoteroa ay malamang na nahawakan ng aming unyon; ang lakas pang-industriya na maaari naming gamitin sa mga hanay ng tagasuplay na ito ay napakahalaga.

Ang aming unyon ay determinadong tiyakin na nauunawaan ng aming mga miyembro kung paano konektado sa Aotearoa ang human trafficking at sapilitang pagtatrabaho. Marami ang maaaring nabigla noong Hulyo 2020 nang si Joseph Auga Matamata ay hinatulan sa sakdal na pangangalakal ng tao at makabagong pang-aalipin sa pag-akit ng dose-dosenang mga manggagawang taga-Samoa sa Aotearoa sa loob ng mahigit dalawampu't apat na taon, na naglantad sa kanila sa pagkilos na nakakawalang-dangal at nakahihiya sa industriya ng horticulture.

Alam naming hindi ito ang magiging huling kaso ng human trafficking sa Aotearoa, ngunit kailangan nating tratuhin ang mga halimbawa ng human trafficking at sapilitang pagtatrabaho na nangyayari sa labas ng ating mga hangganan nang may kaparehong pagkasuklam, at gamitin ang anumang lakas na mayroon tayo - bilang mga manggagawa, at mga konsyumer at bilang aktibong mamamayan - upang hadlangan ito.

Simula noong 2018, ang FIRST Union ay aktibong binibigyang-diin ang sapilitang pagtatrabaho at human trafficking sa industriya ng gomang guwantes sa Malaysia, isang sektor na tumanggap ng pagbunsod nang magsimula ang krisis ng COVID-10 dahil lumaki ang pangangailangan para sa mga gomang guwantes. Ang aming adbokasya ay nangahulugan na ang Pamahalaan ng New Zealand ay nangakong hindi bibili mula sa Top Glove (pinakamalaking tagagawa ng guwantes sa mundo na sumasailalim sa mga paratang ng pang-aalipin sa utang, sapilitang pagtatrabaho ng mga manggagawa sa mahabang oras, pagkumpiska ng mga pasaporte ay di-mainam na akomodasyon), at tiniyak na ang kanilang mga produkto ay tinanggihan na ng dalawa nilang pinakamalaking suki – ang EBOS at Foodstuffs (mga sityo ng FIRST Union).


Dagdag pa, noong 2021 nakisosyo kami sa UnionAID upang magpatupad ng isang programa na tutulong sa taga-Nepal na mga migranteng manggagawa na nagtrabaho sa mga kompanya ng gomang guwantes sa Malaysia na nagbayad ng utang sa pagkarekluta (recruitment debt) upang maayos ang utang na iyon ng kanilang dating mga tagapag-empleyo. Isa sa mga manggagawa sa proyekto ay si Yubraj Khadka - isang whistleblower na dating empleyado ng Top Glove na nagsiwalat ng mga isyu tungkol sa di-sapat na mga protokol sa kalusugan at kaligtasan sa pabrika na dati niyang pinagtrabahuhan, isang pabrika na pagkaraan ay naging tahanan para sa libu-libong mga kaso ng COVID-19. Bilang resulta ng proyektong iyon, sa ngayon mga 50 dating manggagawa ay nakakuha ng katumbas ng anim na buwang sahod na ibinayad sa kanila nang buo. Para sa mga migranteng manggagawa, ang kabayarang iyon ay magpapabago sa kanilang buhay.

Sa tingin namin, ang mga tinig ng mga manggagawa ay wala sa mga talakayan sa Aotearoa, at hangga't hindi natin nabubuo ang ganitong iisang pagkaunawa – na lahat tayo ay manggagawa, at ang mga manggagawang magkakasamang kikilos ay maaaring baguhin ang daloy ng kasaysayan – ang talakayan tungkol sa human trafficking at sapilitang pagtatrabaho ay mananatiling isang bagay na hindi natin tinatanggap na bahagi ng ating ekonomiya at bahagi ng ating kultura.

**Ito ay pangit at naririyan na, ngunit sa pamamagitan ng magkasamang paglaban maaari nating baguhin ang kasalukuyang katayuan.**







# ANG PANGAKO NG UNITED KINGDOM SA PAGSUGPO SA MAKABAGONG PANG-AALIPIN, HUMAN TRAFFICKING AT PAGTATRABAHO NG BATA SA BUONG MUNDO.

SAM PASS, DEPUTY BRITISH HIGH COMMISSIONER SA NEW ZEALAND

Ang kuwento ng isang biktima ay nagsisimula nang mas maaga pa bago ang pagsasamantala at trafficking, at kadalasan ay nagsisimula sa mga bata. Ang 2021 ang taon ng UN para sa pag-aalis ng pagtatrabaho ng bata at ang UK ay nangako ng kanilang suporta upang gumawa ng aksyon sa antas na pambansa at internasyonal. Ang pandemyang COVID-19 ay nagbabantang itigil ang progreso sa pagbabawas ng pagtatrabaho ng bata dahil sa mga epekto sa kahirapan ng krisis. Ang mga kamakailang pantataya na inilathala ng International Labour Organization (ILO) at UNICEF (the UN Children's Fund) ay nagpapakita ng pagtaas na hanggang 160 milyong mga bata na nasa pagtatrabaho ng bata, halos 10% ng mga bata sa mundo. Ang mga bata ang isa sa mga pinakamahinang grupo na pinagsasamantalahan ng mga nagpapagawa  ng sapilitang pagtatrabaho at makabagong pang-aalipin at nangangailangan ng partikular na iniakmang solusyon upang protektahan sila laban sa pinsala. Kabilang sa ilang mga halimbawa ng ginagawa ng UK upang harapin ang pagtatrabaho ng bata ay:

- Noong 2019, nagtalaga ang UK ng bagong Modern Slavery Envoy, si Jennifer Townson, na nakikipagtulungan sa mga pamahalaan, mga organisasyong multilateral at mga NGO upang suportahan ang mga tugong panrehiyon at pambansa, at magbahagi ng pinakamahusay na mga gawi upang harapin ang makabagong pang-aalipin, kabilang ang pinakamasamang mga anyo ng pagtatrabaho ng bata.
- Noong Hunyo 2021, pinamunuan ng UK ang G7 Summit sa Cornwall, kung saan ang mga pinuno ng G7 ay nangako ng mga US$2.75 bilyon man lamang na pagpopondo sa susunod na limang taon para sa Global Partnership for Education. Bilang bahagi nito, nangako ang UK ng £430 milyon. Ang pagtatrabaho ng bata ay nag-aalis sa mga bata ng kanilang kabataan, at umaapekto sa kanilang edukasyon. Ang pag-access sa edukasyon ay maaaring magbigay-kapangyarihan sa mga bata at mababawasan ang panganib na maging target para sa pagtatrabaho ng bata, sapilitang pagtatrabaho at iba pang mga paglabag ng pagtatrabaho sa mga hanay ng tagasuplay.
- Inangkop ng UK ang programa sa pagprotekta ng bata upang tumugon sa COVID-19. Halimbawa, pagbibigay-suporta sa UN Global Programme to End Child Marriage (Pandaigdigang Programa ng UN upang Wakasan ang Pagkakasal ng mga Bata) na gumagana sa 12 bansa upang patatagin ang mga pambansang helpline para sa bata, ang mga nagtatrabaho sa panlipunang kapakanan, at pagmumulat ng kamalayan tungkol sa mga panganib ng pagkakasal ng bata.

Ang pag-aalis ng makabagong pang-aalipin mula sa ating mga ekonomiya at pandaigdigang mga hanay ng tagasuplay ay pangunahing prayoridad para sa UK upang matugunan ang Sustainable Development Goal 8.7. Ang Global Estimates on Modern Slavery (2017) ay nagpapahiwatig na ang karamihan sa sapilitang pagtatrabaho ngayon ay umiiral sa pribadong ekonomiya. Binibigyang-diin nito ang kahalagahan ng pakikipagsosyo sa komunidad ng negosyo – kaagapay ng mga organisasyon ng tagapag-empleyo at mga manggagawa, at mga organisasyong panlipunan – upang alisin ang sapilitang pagtatrabaho sa mga







hanay ng tagasuplay. Kabilang sa ilang halimbawa ng trabaho ng UK ay ang paggawa, pakikipagtulungan sa mga internasyonal na katuwang at mga NGO, sa:

- Pakikipagtulungan sa mga negosyo upang alisin ang sapilitang pagtatrabaho sa pandaigdigang mga hanay ng tagasuplay sa pamamagitan ng 'Call to Action to end Modern Slavery, Forced Labour and Human Trafficking' (Panawagan sa Aksyon upang wakasan ang Makabagong Pang-aalipin, Sapilitang Pagtatrabaho at Human Trafficking). Gumagamit ang UK ng pangunahing mga kaganapang napagkasunduan gaya ng G7, G20 at UNGA upang makalikha ng internasyonal na kasunduan at mag-udyok ng aksyon sa mga isyu ng mga hanay ng tagasuplay.
- Pagsuporta sa mga biktima ng makabagong pang-aalipin sa pamamagitan ng UN Trust Fund, na naglalayong sumuporta sa 15,000 mga biktima ng makabagong pang-aalipin at sa kanilang mga pamilya, sa 33 mga bansa sa 2021.

Ang pamahalaang Britanya ay nangangakong haharapin ang makabagong pang-aalipin sa loob ng UK. Kabilang sa mga nagawang aksyon ang:

- Ang pagpapakilala sa The Modern Slavery Act 2015. Ang Batas (Act) ay nagbibigay ng mga kagamitan (tools) na magagamit ng mga nagpapatupad ng batas sa UK upang harapin ang makabagong pang-aalipin at magbigay ng pinakamahusay na proteksyon para sa mga biktima. Nagbibigay ito ng batas at patnubay kung paano kikilalanin at susuportahan ang mga biktima ng Makabagong Pang-aalipin. Ang Batas ay nangangailangan din ng naaangkop na mga organisasyong pang-komersiyo upang makapaglathala ng taunang pahayag tungkol sa makabagong pang-aalipin. Noong Marso 2021, inilunsad ng Pamahalaan ang online na rehistro ng pahayag tungkol sa makabagong pang-aalipin na sa hinaharap ay magiging sapilitan ang pagsunod dito ng saklaw na mga organisasyon
- Noong Marso 2020 ay naglathala ang UK ng kauna-unahan sa mundong pahayag ng Pamahalaan tungkol sa makabagong pang-aalipin na nagdedetalye ng mga hakbang na ginagawa ng pamahalaan upang mahadlangan ang makabagong pang-aalipin sa sarili nitong mga hanay ng tagasuplay. Ang mga kagawaran ng Ministri ay maglalathala ng indibidwal na mga pahayag mula 2021 pasulong.

Mahalaga ang pakikipagtulungan sa paggawa ng makabubuti at mahadlangan ang pagsasamantala sa mga bata.  Ang UK ay patuloy na makikipagtulungan sa mga pamahalaan, mga negosyo at mga NGO upang labanan ang makabagong pang-aalipin, human trafficking at pagtatrabaho ng bata sa pandaigdigang hanay ng mga tagasuplay.


**Sanggunian: Internasyonal na Taon para sa pag-aalis ng Pagtatrabaho ng Bata (endchildlabour2021.org)*

# ANO ANG PANGANGALAKAL NG TAO?

**Ang pangangalakal ng tao ay isang proseso ng paglilipat ng isang tao na ginagamitan ng pamimilit o panlilinlang. Ang layon karaniwan ay upang pagsamantalahan sila. Hindi ito kailangang tumawid sa mga hangganan at kadalasan ay lubusang nangyayari sa loob ng isang bansa. Hindi ito nangyayari lamang sa mga migrante; ang mga mamamayan at residente ng New Zealand ay maaari ring maging mga biktima.**

**Hindi pinipili ng mga tao na mai-traffic sila. Kung minsan ay maaaring sumang-ayon ang mga tao sa bahagyang pagsasamantala ngunit natutuklasan na lamang nila sa sandaling hindi sila makaalis o makatutol, na ang tunay na sitwasyon ay mas malala.**

**Kapag ang isang tao ay hindi makaalis sa isang mapagsamantalang sitwasyon, malamang na sila ay nai-traffic.**




Ang mga biktima kadalasan ay dumaranas ng malubhang pinsalang pisikal at pangkaisipan.
Ang pag-aasal at kalagayang pisikal ng isang tao ay maaaring magpahiwatig na siya ay biktima ng trafficking.

**Mga kalagayang sikolohikal at mga palatandaan sa pag-aasal:**

- tumatangging tumingin sa mga mata;
- tila balisa, nalulumbay, hindi makatanggi, natatakot, di-mapakali, ninenerbiyos;
- atubiling makipag-usap o pag-usapan ang mga pinsala

**Mga pisikal na palatandaan ng masamang pagtrato at/o kapabayaan:**

- mga palatandaan ng pisikal na pang-aabuso;
- pagkakait ng pagkain, tubig, tulog, pangangalagang medikal o iba pang mga pangangailangan sa buhay;
- di sapat na kalinisan dahil hindi maka-access sa mga pasilidad ng paglalaba at/o pang-sanitasyon;
- pagkagumon sa droga o alak

# SINO ANG AKING MATATAWAGAN?

**Kung ikaw ay naghihinala na ang isang tao ay biktima ng pangangalakal ng tao, kontakin mo ang New Zealand Police:**

- **Tumawag sa 105 o 111 (sa isang emerhensya)**
- **Pumunta sa online sa 105.police.govt.nz**

**Kung ikaw ay naghihinala na ang isang tao ay napagsamantalahan sa trabaho, kontakin ang MBIE:**

- **Tumawag sa 0800 20 00 88 o punan ang isang form sa www.employment.govt.nz/migrantexploitation**

**Kung nais mong manatiling hindi kilala at naghihinala ka na ang isang tao ay nai-traffic o napagsamantalahan:**

- **Tumawag sa CrimeStoppers sa 0800 555 111**
- **Pumunta sa online sa www.crimestoppers-nz.org**